**The Normal Lights**
**2024, Volume 18, Issue No. 2**

Philippine Normal University
*National Center for Teacher Education*

# *Siday,* Hulagway ng Lipunang *Waray*: Tugon sa Kontekstuwalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino

## (*Siday*, Waray's Social Reflection: A Response to Contextualization in Teaching Filipino)

Gilbert C. Galit
College of Education, Leyte Normal University, Tacloban City, Leyte, Philippines

### ABSTRAK

Isinagawa ang pag-aaral upang suriin ang *siday* (anyo ng panulaang *Waray*), upang matugunan ang kakulangan sa mga lokal na kagamitan sa kontekstuwalisadong kurikulum. Nilayon ng pag-aaral na masuri ang kultural na pananagisag ng *siday* at maiugnay ito sa mga kompetensi sa Filipino. Gamit ang content analysis, sinuri ang mga patern sa paglikha ng *siday*. Binigyang-pagpapakahulugan ang mga ito gamit ang modelo ng pagtetema na binalideyt ng tatlong eksperto sa panitikang Waray, at sa pagtuturo ng Filipino. Lumabas sa pagsusuri na ang mga *siday* ay repleksiyon ng katauhan at pamumuhay na naglarawan sa kabuoang lipunang *Waray*. Nakita rin ang kaangkupan ng paggamit nito bilang lokalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7. Kaya naman, ang paggamit ng *siday* sa pagtuturo ay isang paraan ng pagtugon sa pagpapalaganap ng edukasyong kultural na nagtatanghal sa kahalagahan ng panitikan sa pagtaguyod ng kaalamang lokal, at pagpapabuti sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

### ARTICLE HISTORY

**Lead Editor:**
Marie Paz E. Morales, PhD

**Received:**
July 4, 2024
**Revised:**
December 23, 2024
**Accepted:**
December 25, 2024

### MGA SUSING SALITA:

hulagway, kontekstuwalisasyon, lipunang Waray, pagtuturo ng Filipino, siday.

### ABSTRACT

*The study examined the siday (a form of Waray poetry) to address the lack of local materials in a contextualized curriculum. The study aimed to analyze the cultural symbolism of the siday and relate it to competencies in Filipino. Using "content analysis," the patterns*

### KEYWORDS:

*contextualization, localization, siday, teaching Filipino, Waray community*

Galit, G.C. (2024). *SWaray's social reflection: A response to contextualization in teaching Filipino. The Normal Lights, 18*(2). 1–18.

Corresponding Author: ggalit@lnu.edu.ph

*in the creation of siday were examined. These were then interpreted through the thematic analysis model, validated by three experts in Waray literature and Filipino instruction. The findings revealed that the siday reflects the identity and way of life of the Waray community. It also demonstrated its relevance as a localized resource for teaching Filipino in Grade 7. Thus, incorporating the siday in teaching serves to promote cultural education, highlighting the importance of literature in advancing local knowledge and enhancing Filipino teaching strategies.*

## Introduksiyon

Kinikilala ang edukasyon bilang isang unibersal na karapatan at binibigyang prayoridad ng iba't ibang ahensiya. Ang pagpapaunlad sa edukasyon ay nagbibigay ng pandaigdigang halaga na nakaiimpluwensya sa mga edukasyonal na polisiya at mga praktika (Adlit, 2022). Paliwanag ng UNESCO (2023), mahusay na isinasagawa sa malawak na saklaw ng pampublikong patakaran tungo sa pagpapalakas ng kalidad ng edukasyon para sa lahat ang integrasyon ng kultura sa mga proseso ng pag-unlad, mga estratehiya, at mga patakaran sa pambansang antas.

Sa Asya, kinilala ng South Asian Association for Regional Cooperation (SAARC) ang pangangailangan sa preserbasyon ng lokal at kultural na kaalaman sa pamamagitan ng pagsusog sa SAARC Agenda for Culture 2005 na nagbibigay-diin sa paggalang at pagkilala sa sosyal, politikal, ekonomikal, at mga kultural na karapatan (Singh & Espinoza-Herold, 2014). Naisulong nito ang ilang mga programang pangkultura na pangunahing reporma sa kurikulum. Sa katunayan, ang National Education Policy (NEP) ng India ay nagbibigay-halaga sa dibersidad at paggalang sa lokal na konteksto sa lahat ng aspekto ng kurikulum, empasis at promosyon sa wika, sining, at kultura (Singh, 2022). Samantala, isinulong naman ng Nepal ang paggamit ng sariling wika bilang mga pangunahing wikang panturo sa mga paaralan salig sa National Commission for Language Policy. Paraan ito ng pagpapanatili sa espasyo ng kanilang sariling wika sa akademya habang pinananatili ang koneksiyon sa kanilang sariling kultura.

Sa Pilipinas, ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ay nangunguna sa pagbuo ng mga programa at patakarang pangkultura sa edukasyon. Sa pakikipag-ugnayan ng National Committee on Cultural Education (NCCED), binuo ang Philippine Cultural Education Program (PCEP) noong 2002 na nagbigay ng balangkas sa pag-unawa at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino (Bonnet et al., 2018). Dinisenyo ang PCEP para magkaroon ng akses sa kultural na edukasyon ang lahat ng sektor ng lipunang Pilipino (NCCA, 2017). Kaya naman, ang pagpapatupad ng *Republic Act* (RA) 10533 o ang *Enhanced Basic Education of 2013* ay nagbigay-diin sa pagpapaigting ng pagtuturo ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng edukasyong sumusunod sa mga pamantayan at prinsipyo sa pagbuo ng kurikulum na kontekstuwal at may sensitibidad sa kultura.

Sa kasalukuyan, ang MATATAG curriculum na bahagi ng mga repormang pang-edukasyon ay nakatuon sa pagpapabuti ng balangkas at layunin ng Kagawaran ng Edukasyon. Ayon kina Maguate et al. (2024), ang MATATAG curriculum ay nakasalig sa mga prinsipyong sosyo-kultural na nagbibigay-diin sa kabuluhang kultural sa pagbuo ng mga karanasang pampagkatuto. Layunin nitong magbigay ng de-kalidad na edukasyong nakabatay sa lokal na konteksto na nakatutulong sa akademikong tagumpay at sa pag-unlad ng lipunan. Paliwanag ni Llego (2022), ang ganitong lapit ay nagsusulong ng mga karanasang pampagkatuto na kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral at sa komunidad. Giit ng DepEd (2019), ang mga pagbabago sa kurikulum ay naglalayong itaguyod ang isang *holistic* na diskarte sa edukasyon na nagsasama ng kaugnayan sa kultura, kontekstuwal na karanasang pampagkatuto, at kolaboratibong pedagohiya. Binigyang-diin nito na ang kategorisasyon at ang paraan ng pagkatuto ay naghihikayat ng aktibo at mabungang pagkatuto (Dioneda, 2019).

Ganoon pa man, bagamat malinaw na ipinakikita ang bentaha ng kontekstuwalisasyon, hindi maikakaila na ang implementasyon nito sa Pilipinas ay lubos na nangangailangan pa ng pagpapaunlad. Sa pag-aaral ni Gutierez (2019), lumabas na maraming guro ang nakararanas ng kalituhan sa pagtakda ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo. Isa sa mga nakitang dahilan ang kawalan ng kahandaan at limitadong kaalaman ng mga guro sa paglalapat nito, at ang kakulangan ng mga kagamitan. Sa isinagawang ebalwasyon ng DepEd (2021), nakita ang kakulangan sa kagamitan sa pagtuturo at may pangangailangan sa lalo pang pagpapaunlad ng mga kontekstuwalisadong materyal sa Filipino.

Sa pagtugon sa kakulangang ito, binigyang-pansin sa kasalukuyang pananaliksik ang pagdalumat sa *siday* (panulaang *Waray*) bilang potensiyal na lunsaran sa pagtuturo ng Filipino. Ang *siday* ay isang maunlad na anyo ng panulaang *Waray* sa Silangang Visayas sa bansang Pilipinas. Ito ay karaniwang ginagamit upang kilalanin ang kabayanihan, kagandahan, tagumpay, at kagitingan ng isang tao (Nivalbos, 2019). Ang *siday* ay hindi lamang nalilikha dahil sa layuning literari at pagpapalawak ng wika, kundi upang masalamin ang kultura at lipunang *Waray* tungo sa sosyo-kultural na pag-unawa. Naging makabuluhan at masusi ang pagpili sa *siday* sa pananaliksik sapagkat nakita at napatunayan na mayaman ang likas na katangian nito na maglarawan ng mga kaugalian, kultura, kasaysayan, praktika at gawi, damdamin, at mayamang karanasan ng lipunang *Waray*. Ang pagsulat ng *siday* ay isang paraan ng pagkilala sa tradisyon at kultura ng mga *Waray* na nailantad at hayag na naipakita sa mga pag-aaral at pagsusuri na ginawa nina Nivalbos (2018; 2019) at Balderian at Largo (2021).


Dahil dito, itinataguyod ng pananaliksik ang oportunidad na maipakita ang natatanging katangian ng *siday* na maitanghal sa akademikong diskurso bilang tugon sa kontekstuwalisadong kurikulum ng Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman nito at pag-uugnay sa mga kompetensi, mas napalalawak ang larangan ng panitikang *Waray* at naipapakita ang yaman ng *siday* bilang kasangkapan sa panlipunang pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikan at kultura. Ang *siday* at iba pang *genre* ng panitikang *Waray* ay maaaring maging epektibong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino, at ang kontekstuwalisasyon ay maaaring magsilbing daan upang pagyamanin ang kulturang Pilipino.

## Saligang teoretikal

Ipinakita sa *Figyur 1* ang mga pilosopikal na batayan ng pag-aaral, at ang ugnayan ng mga baryabol, at ang kahalagahan nito bilang pangunahing input sa paraan, tuon, at tritment ng pagsusuri.

**Figyur 1**

*Teoretikal-konseptuwal na Balangkas*




Ang *Structuralism Theory* ayon kay Levi-Strauss (1973) ay pilosopiya ng pagsusuri sa papel ng wika sa pagsasakatawan sa kaisipan, damdamin, ekspresyon at karanasan ng isang tao. Ang *Structuralism Theory* ay isang pamamaraan sa pagsusuri ng kultura at panitikan na nakatuon sa pag-unawa sa mga estruktura ng wika, kaisipan, at lipunan na nagtatakda ng kahulugan at kaligiran ng akda. Sa konteksto ng pananaliksik, ginamit ang teorya sa pagsipat sa estruktura ng wika bilang paraan upang mailarawan ang mga sosyokultural na elemento ng *siday*. Gaya ng tuon ng pananaliksik, ang pag-unawa sa kultura at lipunang *Waray* ay tiningnan at nahinuha mula sa estruktural na katangian ng *siday* sa pamamagitan ng pagsipat sa wika at mga simbolismo nito. Sa pamamagitan ng pagkilala sa anyo at paggamit ng mga salita sa *siday*, natukoy ang mga sosyal at kultural na pananagisag sa lipunang *Waray*.

Samantala, ang *Cultural Relativism* naman ni Cole (2019) ay nagbibigay-diin sa pananaw na ang mga pamantayang etikal at lipunan ay sumasalamin sa kontekstong pangkultura kung saan ito nagmula. Pinaninindigan ng teorya na ang kultura ay pangunahing naiiba sa isa't isa, at gayundin ang mga moral na balangkas na bumubuo ng mga relasyon sa loob ng iba't ibang lipunan. Ang pagkilala sa relatibismong katangian ng kultura ay isang paraan ng malawak na pag-unawa sa pagkakaiba-iba. Sa pananaliksik na ito, binigyang-diin ang konsepto ng pag-unawa sa kultura bilang natatangi at eksklusibo sa isang lipunan. Ang pagsusuri sa mga *siday* batay sa sinasalamin nitong sosyal-kultural na sagisag ay batay sa

lente ng kinapapaloobang lipunan. Tinugunan ang mga layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga kulturang nakapaloob sa mga *siday* na may pagsasaalang-alang sa kultural na pamantayan ng lipunang *Waray*.

Samantala, sa layunin ng pag-uugnay sa nilalaman ng mga *siday* sa mga kompetensi sa Filipino ay makabuluhang nakabatay sa pilosopiyang *Socioculturalism* ni Vygotsky (1978) na nagpapaliwanag na ang pagtamo sa sosyo-kultural na kaalaman ay nauugat sa kamalayan at pakikisangkot ng isang indibiduwal sa kaniyang lipunan. Ang konseptuwal na pagsalig sa teorya ay nagtataguyod na ang pag-unlad at pagkatuto ay produkto ng interaksiyon sa lipunan at kultura. Samakatuwid, ang pagsangkot ng tao sa iba at sa kultura ay makabuluhang nakaiimpluwensiya sa paglinang ng mga kakayahang kognitibo. Ang ganitong konsepto ay malalim na inangkla sa layunin ng pag-aaral na magamit ang kultural na pananagisag ng mga *siday* bilang lunsaran sa pagtuturo ng Filipino. Sa pamamagitan nito, inilapat ng pag-aaral ang pagtukoy at pagsusuri sa mga *siday* upang maiugnay ang mga ito sa mga kompetensi ng kurikulum tungo sa pagtaguyod ng kontekstuwalisadong pagtuturo ng Filipino.

## Paglalahad ng suliranin

Nilayon ng pananaliksik na masuri at mailarawan ang kulturang nakapaloob sa mga *siday* upang mailantad ang kaligiran ng lipunang *Waray*. Tiniyak sa pag-aaral na ito na tugunan ang sumusunod na layunin: (1) Masuri ang mga piling *siday* batay sa paggamit ng wika, tema, at simbolismo na naglalarawan ng iba't ibang kultura at praktikang panlipunan ng mga *Waray*; at (2) Maiugnay ang nilalaman ng mga *siday* sa kompetensi ng Filipino upang magamit bilang kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pag-aaral

Gumamit ang pag-aaral ng pamaraang *pagsusuri sa nilalaman* na nakatuon sa pagsusuri ng akda batay sa estruktura at gamit ng wika upang mailarawan ang parehong sosyal at kultural na mga sagisag nito. Ang pagsusuri sa nilalaman ay isang pagsasaliksik upang matukoy ang mga patern, pagpapakahulugan, at paglalarawan sa paggamit ng mga wika sa mga piling *siday*. Sistematikong kinolekta ang mga datos upang matukoy ang paglitaw ng mga salita, parirala, paksa o konsepto na naaayon sa pagtugon sa layunin ng pananaliksik.

### Instrumento ng Pag-aaral

Ginamit sa pagsusuri ang mga piling *siday* ng mga *Waray* bilang materyal ng pag-aaral na pinili batay sa sumusunod na pamantayan: (a) ang kaligirang literari na nagbigay-diin sa

sining at estilo ng pagsulat ng *siday*; (b) ang awtor at pinagmulan na nakatuon naman sa *background* ng akda at may-akda upang matiyak na ang paglalarawan ay halaw sa lente at personal na karanasan ng isang taal na *Waray*; at ang (c) kaugnayan ng *siday* sa mga kompetensi sa Filipino upang mailundo ang paggamit nito sa pagtuturo ng Filipino. Sa apat na aklat na nalikom ng mananaliksik mula sa mga kilalang manunulat ng *siday* ng rehiyon, napili ang anim (6) na akda para sa pagsusuri kabilang ang: *An Waray* ni Belinda Lora (2019); *Iglalara ta Ikaw hin Banig*, *Banabana*, at *Dalan nga Langitnon* ni Victor Sugbo (2008); *Nakausa*, at *Hi Uday* ni Voltaire Oyzon (2018).

## Paraan ng Pagsusuri

Sinuri ang mga *siday* sa pamamagitan ng pagsusuring tematiko mula sa modelo nina Clarke at Braun (2017). Una (1), ang *pagkilala sa datos* na nakatuon sa panimulang pagtukoy sa mga pagpapakahulugan, at paglalarawan ng mga *siday* sa kultura at lipunang *Waray*. Pangalawa (2), ang *pagkokowd* na isinagawa sa pamamagitan ng pangkalahatang paglalarawan sa mga datos sa paraan ng pagbuo ng mga paunang kategorya. Pangatlo (3), *pagbuo ng mga tema* na isinagawa sa pamamagitan ng pagkilala at pagtatala ng konsepto ng *siday* na nagpakita ng pagkakatulad sa parehong teoretikal at deskriptibong ideya. Pang-apat (4), *pagsusuri sa mga tema,* na isinagawa naman sa pamamagitan ng paghahambing sa kaugnayan ng mga natukoy na tema ng mga *siday*. Panlima (5)*, pagtukoy at pagbibigay ng pangalan sa mga tema*, at ang pang-anim (6), ang *pagsulat* at *pagpapakahulugan sa mga natukoy na tema*. Ang kabuuan ng pagsusuri ay ipinakita sa talahanayan I, sa resulta ng pag-aaral.

## Balidasyon ng Datos

Idinaan sa balidasyon ang nalikom na datos mula sa tatlong eksperto na pinili batay sa kanilang kadalubhasaan sa panitikang *Waray*, kasanayan sa pag-aaral at pagsusuri ng mga *siday,* at karanasan sa pagtuturo ng panitikan. Gamit ang *tool* ng balidasyon ay sinuri ng mga eksperto ang katumpakan at konsistensi ng pagsusuri batay sa mga inilahad na layunin. Tinaya rin ang isinagawang pagpapakahulugan sa mga natukoy na tema upang matiyak ang katumpakan ng datos. Sa huli, ang lahat ng obserbasyon at mungkahi ng mga balideytor ay isinaalang-alang sa pagsulat ng pinal na burador ng pananaliksik.

## Etikal na Konsiderasyon

Isinaalang-alang din ang mga etikal na pamantayan sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa maayos, tapat, at obhektibong proseso. Kasama rito ang paghingi ng konsent at/o pagbibigay ng sapat na pagkilala sa karapatang-ari ng mga may-akda ng mga *siday*, at sa lahat ng datos na ginamit, at pagkuha ng *clearance* bago ang aktuwal na pagsusuri. Tiniyak din na manatiling obhektibo sa pagsusuri at pagpapakahulugan na inilayo ang mga personal na pagkiling sa paksa ng pag-aaral.

## Resulta

Ipinakita sa bahaging ito ang resulta ng pagsusuri batay sa layunin ng pag-aaral. Inilahad dito ang mga natuklasan at ang interprestasyon sa mga natukoy na kategorya at tema batay sa layunin ng pananaliksik.

### Pagsusuri sa mga piling *siday* batay sa paggamit ng wika, tema, at simbolismo na naglalarawan ng iba't ibang kultura at praktikang panlipunan ng mga Waray

**Talahanayan 1**

*Kulturang Nangingibabaw sa mga Sinuring Siday*

| Siday | Linya/Saknong | Kategorya | Tema | Paglalarawan |
|---|---|---|---|---|
| *An Waray*<br><br>(Ang Waray) | *makisasayawon,*<br>*bisan kinudal la*<br>*may aminudo, makikisangkayon*<br><br>(mahilig sa sayawan,<br>kahit na binakuran lang,<br>may aminudo, palakaibigan.) | Katauhan | Pagkahilig sa sayawan | Ito ay paglalarawan sa magiliw na kultura ng mga *Waray* – ang pagkahilig sa mga sayawan na hindi mawawala sa ano mang okasyon at mga pagtitipon, maliit man o malaki |
| *Iglalara ta Ikaw hin Banig*<br><br>(Ihahabi kita ng Banig) | *Iglalara ta ikaw hin banig*<br>*Mga tikog hinakop ha mga hanang*<br>*Hinin amon hinkalimtan na nga bungto*<br><br>(Ihahabi kita ng banig<br>Mga ulyaw mula sa kaputikan<br>Nitong aming bayang kinalimutan) | Pamumuhay | Paghahabi ng banig | Pagkilala sa isa sa mga pangunahing sining ng mga *Waray* – ang paghahabi. Hindi lamang ito hanapbuhay bagkus ay isa ring mahalagang ambag sa pagpapanatili ng kultura ng rehiyon. |
| *Banabana*<br><br>(Pala-palagay) | *Ngan usa ka dama hin tuba,*<br>*Para madaog inin kahadlok*<br><br>(At isang bariles ng *tuba*<br>Para takot ay mawala) | Pamumuhay | Pagtutuba | Isa sa mga pangunahing produkto ng mga *Waray* at hanapbuhay ng karamihan. Simbolikong pagwawangis ito sa pagiging matapang ng mga *Waray*. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Dalan nga Langitnon*<br><br>(Ang Daan ng Kabanalan) | *Nagsasantos hi Philomena*<br><br>*Nagsasantos hi Clara*<br><br>*An dalan nga langitnon*<br><br>*Ira sinisimba,*<br><br>*(Nagpapakabanal si Philomena*<br><br>*Nagpapakasanto si Clara*<br><br>*Ang daan ng kabanalan,*<br><br>*Kanilang sinasamba)* | Katauhan | Pagiging relihiyoso | Ito ay paglalarawan sa debosyon at pagpapakita ng matibay na pananalig sa relihiyon ng mga *Waray*. |
| *Nakausa*<br><br>(Isang Araw) | *"Magtitiak ako hin sungo."*<br><br>*Intoy, kay may gas pa man.*<br><br>*("Magsisibak ng kahoy"*<br><br>*Intoy, may gas pa naman)*<br><br>*Kay maalog kuno hiya.*<br><br>*Di ba, nagpataod na kita hin gripo?*<br><br>*(Dahil mag-iigib daw siya.*<br><br>*Di ba, nagpakabit na tayo ng gripo?)* | Pamumuhay | Kapayakan ng Pamumuhay | Paglalarawan sa kapayakan ng pamumuhay ng mga *Waray* sa pamamagitan ng pagsasalaysay sa ilang mga payak at tradisyonal na paraan ng buhay probinsiya. |
| *Hi Uday*<br><br>(Si Uday) | *"Na diri ak' han langsa…*<br><br>*Na diri ak' han lusak…*<br><br>("Ayoko ng lansa…<br><br>ayoko ko ng putik…) | Pamumuhay | Pagsasaka at Pangingisda | Inilarawan ang karaniwang pamumuhay ng mga *Waray* mula sa mga salitang *lusak (*putik) at *langsa* (lansa) na kumakatawan sa pagsasaka at pangingisda. |

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang mga nangibabaw na kultura mula sa mga *siday*. Natuklasan na ang mga *siday* ay nagpakita ng mga kaugalian, kultura at mga praktikang panlipunan na may kaugnayan sa lipunang *Waray*. Naging karaniwan ang pagpapakita sa kaakuhan ng mga *Waray* kagaya ng *pagkahilig sa sayawan* na ipinakita sa *siday* na "An Waray." Ganoon din, makulay na inilarawan sa *siday* na "Iglalara ta Ikaw hin Banig" ang isa sa mga natatanging kultura ng rehiyon hinggil sa "paghahabi ng banig" ng mga taga-Basiao, Basey Samar. Lumutang din ang kultura ng "pagtutuba" na isang kilalang nasasalat na kulturang *Waray*, at ang pagiging relihiyoso ng mga *Waraynon* na inilarawan sa *siday* na "Dalan nga Langitnon". Dagdag pa, sa akdang "Nakausa" ay binalikan at inilarawan ang ilang praktikang panlipunan na karaniwan sa pamilyang *Waray* na nagpakita ng isang payak na pamumuhay. Sa huli, nangibabaw sa akdang "Hi Uday" ang pangunahing kabuhayan

ng rehiyon hinggil sa pagsasaka at pangingisda. Sa kabuuan, nakita na ang mga *siday* ay isang magandang lunsaran sa pagkilala, pag-unawa at pagpapahalaga ng kaalamang lokal na nauugnay sa kultura at panitikan.

**Pag-uugnay sa nilalaman ng mga siday sa kompetensi ng Filipino upang magamit bilang kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino**.

**Talahanayan 2**

*Kaugnayan ng Nilalaman ng Siday sa mga Tiyak na Kompetensi sa MATATAG Curriculum*

| ***Siday*** | **Diwa** | **Kompetensi** |
|---|---|---|
| *An Waray*<br>*(Ang Waray)* | Karaniwang estereotipo sa pagkakakilanlang *Waray*. | Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao |
| *Iglalara ta Ikaw hin Banig*<br>*(Ihahabi kita ng Banig)* | pagkakaiba-iba ng pagkakakilanlan at kultura ng mga *Waray.* | Nakabubuo ng borador ng disenyo at pabalat ng comic book brochure gamit ang mga elementong biswal |
| *Banabana*<br>*(Palagay)* | Pakikipagsapalaran at pagharap sa mga pagsubok | Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay. |
| *Dalan nga Langitnon*<br>*(Ang Daan ng Kabanalan)* | Pagiging relihiyoso ng mga *Waray* at pagkakaroon ng malalim na debosyon at paniniwala. | Naipapaliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa |
| *Nakausa*<br>*(Isang Araw)* | Pagbabalik-tanaw sa mga kaugalian at gawing tradisyonal pamumuhay ng mga Waray. | Naipapaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolismo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa teksto |
| *Hi Uday*<br>*(Si Uday)* | Paglalarawan sa kagustuhang paglimot sa karaniwang paraan ng pamumuhay ng mga Waray – ang pagsasaka at pangingisda. | Naipapaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolismo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa teksto |

Ang Talahanayan 2 ay nagpakita ng ugnayan ng nilalaman ng *siday* sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng Filipino. Batay sa isinagawang pagsusuri, nakita na pinakaangkop ang mga sinuring *siday* bilang kagamitan sa kontekstuwalisadong pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7. Dito ay binibigyang-diin ang pag-aaral ng pampanitikang panrehiyon upang itaguyod ang lokal na kaalaman.

## Pagtalakay

Nakita na ang *siday* ay saligan sa pag-unawa ng mga elementong kultural na naghahayag ng katotohanan tungkol sa lipunang *Waray*. Dito, inilarawan ang kaakuhan ng mga *Waray* batay sa pananagisag ng akda. Mula rito, sinuri at iniugnay ang mga pahiwatig sa mga aktuwal na kaganapan sa lipunan at binigyan ng konsiderasyon ang mga natuklasan sa mga naunang pag-aaral upang maitatag ang kapaniwalaan ng pagsusuri.

## Nangibabaw na Kultura sa mga Sinuring Siday

Sa *siday* na "*An Waray*," inilarawan ang katangian ng mga *Waray*, partikular ang pagiging masiyahin, palakaibigan, at magiliw, na replektibo sa kanilang **pagkahilig sa sayawan** bilang isang mahalagang bahagi ng kultura. Ang pagkahilig sa sayawan ay isang kaugaliang *Waray* na nakikita sa mga pagtitipon at selebrasyon. Isa sa pinakatanyag na tradisyonal na sayaw ng mga *Waray* ay ang "kuratsa" o *curacha*, na katumbas ng aminudo na binanggit sa akda. Ang "kuratsa" ay karaniwang sinasayaw sa mga piyesta, kaarawan, kasalan, at iba pang kaganapang panlipunan. Ang mga mananayaw ng "kuratsa" ay tinatawag na "parag-adu" (pares ng mananayaw), na nagpapakita ng kani-kanilang estilo ng pagsayaw. Ayon kay Velarde (2021), ang kuratsa ay panggagagad sa panliligaw ng tandang at inahin. Kadalasan din itong ginagamit bilang proyekto para sa pangangalap ng pondo sa pamamagitan ng "gala o abwag". Ang *gala* ay ang perang hinahagis bilang paraan ng pag-aalay sa mga mananayaw. Karaniwan ito sa mga pagdiriwang at nagsisilbing tradisyon na naging bahagi na ng mga pagtitipon. Paliwanag pa ni Alegre (2018), ang tradisyong ito ay hindi lamang isang anyo ng sining, kundi isang pagpapahayag ng mga pagpapahalaga ng mga *Waray*. Ang sayaw ng kuratsa ay nagsisilbing simbolo ng pagmamahal, suporta, at bendisyon para sa isang masaganang buhay. Ipinapakita rin dito ang kultura ng pagkakawang-gawa at bayanihan ng mga *Waray* sa pamamagitan ng paghahandog ng *gala*.

Samantala, sa *siday* na "*Iglalara ta Ikaw hin Banig*," inilarawan ang kultura ng **paghahabi ng banig** bilang simbolikong pananagisag sa lipunang *Waray*. Ang banig ay nagpapakita ng kultura, likas na yaman, at natatanging identidad ng mga *Waray*. Ang paghahabi ng banig ay isang pangunahing hanapbuhay lalo na sa bayan ng Basiao, Basey, Samar. Ayon kay Recuerdo (2020), ang tradisyong ito ay ipinasa nang henerasyon sa henerasyon na naging isang bahagi ng pamumuhay at kultural na pagpapahayag ng mga *Waray*. Ang mga "paraglaras" o manghahabi ay karaniwang mga kababaihan na nagtitipon-tipon sa Saob Cave ng Basey. Ang tradisyong ito ay nagiging isang sosyal na kaganapan na rin na nagbubuklod sa komunidad. Bilang kultural na elemento, ang paggamit ng mga kulay at disenyo ng banig ay may malalim na kabuluhan sa lipunang *Waray*. Pagsasaad ni Jaba (2021), ang mga matitingkad na kulay at disenyong tulad ng bulaklak, ibon, at kalikasan ay sumasalamin sa kaligayahan at kabuhayan ng mga *Waray*. Ang mga kulay at disenyo ay pagpapakita ng kasiyahan at kagandahan ng kanilang kalikasan, tulad ng mga bundok, karagatan, at kalangitan, na bahagi ng mayamang kultura at lipunan. Bukod pa rito, nagbibigay ang sining na ito ng malaking benepisyo sa mga mamamayan. Ang paglalara ng banig ay naging simbolo ng pagsasakapangyarihan sa kababaihan ng Basey. Sa pamamagitan ng paglalara, hindi lamang ang kulturang *Waray* ang naipakikita, kundi pati na rin ang kanilang kakayahang magtagumpay at magkaroon ng positibong ambag sa komunidad.

Sa *siday* na "*Banabana*," binigyang-diin ang kultura ng **pagtutuba** ng mga *Waray*, na isang masalimuot at masusing proseso. Inilalarawan dito ang kahalagahan ng tiyaga at pagsubok sa paggawa ng *tuba* (coconut wine). Inilarawan sa *siday* na ang paggawa ng *tuba* ay hindi minamadali; ito ay isang prosesong nagpapakita ng pagpupunyagi upang makamit ang

mataas na kalidad na produkto. Ang bawat hakbang sa paggawa ng *tuba* ay naglalarawan ng dedikasyon at paghihintay sa tamang oras para makuha ang pinakamagandang resulta.

Ayon sa Philippine Coconut Authority ([PCA], 2019), ang *tuba* ay isang mahalagang bahagi ng materyal na kultura ng mga *Waray* mula pa noong panahon ng mga Kastila. Sa kasalukuyan, ang paggawa at pag-inom ng *tuba* ay patuloy na pinahahalagahan sa mga probinsya ng Samar at Leyte, na kilala sa mga de-kalidad na *tuba*. Sa Tacloban, Leyte, isang taunang selebrasyon ang "Oktubafest" na nagbibigay-pugay at pagkilala sa mga pinakamahuhusay na produktong *tuba* sa rehiyon. Giit ni Agaton (2022), ang Samar at Leyte ay kinikilala dahil sa kanilang mahusay na produksiyon ng *tuba* na nagpapakita hindi lamang bilang isang kabuhayan, kundi isang mahalagang bahagi ng kultura ng mga *Waray* na nakatutulong sa pagpapaunlad ng komunidad. Samakatuwid, ang *tuba* ay isang simbolo ng dedikasyon, tiyaga, at ang pagpapahalaga sa kalidad at tradisyon ng mga *Waray*. Ito ay pagpapakita na ang isang magandang produkto, tulad ng *tuba*, ay pinaghihirapan at pinagsisikapan na nagreresulta ng pagkamit sa mas de-kalidad na bunga.

Lumutang naman sa *siday* na "*Dalan nga Langitnon*" ang ***pagiging relihiyoso*** ng mga *Waray*. Inilarawan ng persona ang mga akto ng mga karakter ng *siday* na sina Philomena at Clara ang gawing panrelihiyon kagaya ng pagdarasal, at pagpapakita ng debosyon. Ito ay paglalarawan ng persona hinggil sa bunga ng pagiging relihiyoso na nagsangkot sa dalawang karakter na makipagpaligsahan sa isa't isa.

Sa konteksto ng lipunang *Waray*, makikita sa kasaysayan, tradisyon at iba pang gawing panlipunan na karaniwan ang pagkakaroon ng malalim na pananampalataya ng mga *Waray*. Nananatili ang paniniwala sa mga himala kagaya ng mirakulusong simbahan ng Sulangan sa Guiuan, Silangang Samar na patuloy na dinudumog ng mga deboto, pagkilala sa kabanalan ng mga santo sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga piyesta at iba pang relihiyosong gawain, at ang pag-aalay ng mga dasal na repleksiyon ng pagiging relihiyoso ng mga *Waray*. Paliwanag nina Ruspini et al. (2019), ang mga *Waray* ay isa mga nananatiling matatag na mga katoliko bunga ng impluwenisya ng katolisismo sa bansa dahil sa malaking papel na ginampanan ng rehiyon sa kasaysayan ng pagpapalaganap ng kristiyanismo sa Pilipinas.

Nakita naman ang paglalarawan sa ***payak na pamumuhay*** ng mga *Waray* sa *siday* na *"Nakausa"*. Ang paggamit ng gawing pangkomunikasyon na *paaliday* ay nagpakita ng ilang mga praktikang panlipunan ng mga *Waray* hinggil sa mga nakasanayang paraan ng pagsasagawa ng mga gawaing pantahanan. Ang *paaliday* ay isang uri ng komunikasyong panlipunan na gumagamit ng mga kuwento upang metaporikong ilarawan ang konteksto na hango sa mga palasak na pangyayari at karaniwang mayaman sa pagbibigay-aral. Ipinakita sa *siday* ang mga gawi ng mga *Waray* kagaya ng *pagtitiak hin sungo* (pagsisibak ng kahoy), *pag-aalog* (pag-iigib), *pagbantay ha tinuon* (pagbabantay sa sinaing) bilang mga simbolikong imahen sa lipunan ng persona. Paliwanag ni Oyzon (2014), ang ganitong paraan ng paglalarawan ng akda ay sumasalamin sa romantikong pananaw sa nakaraan at ang pananabik na bumalik sa

mga dating gawi, kahit na sa payak na pananaw lamang. Ang paglalarawan ng persona ay isang pagtatangka ng pagbabalik-tanaw sa payak ngunit mayamang tradisyon ng mga *Waray*.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga *siday* ang mga nangingibabaw na kultura na may kaugnayan sa kabuoang lipunang *Waray*. Ang paggamit ng siday bilang panlipunang hulagway ay nagtataguyod ng kamalayan at kaalaman sa sariling kultura at rehiyonal na pagpapahalaga bilang daan upang mailundo ang pantay, makatao at may paggalang na pagtingin sa dibersidad ng lipunang Pilipino.

## Kaugnayan ng nilalaman ng siday sa mga tiyak na kompetensi sa MATATAG curriculum

Isa sa mga layunin ng pag-aaral ay ang pagsipat sa ugnayan ng nilalaman ng *siday* batay sa mga nangingibabaw na kultura sa mga tiyak na kompetensi sa MATATAG curriculum. Sa isinagawang pagsusuri, nakita na angkop ang paggamit sa mga *siday* bilang lokalisadong materyal sa Filipino 7. Dito itinanghal ang kabuluhan ng mga akdang pampanitikan ng mga *Waray* partikular ang *siday* bilang mainam na lunsaran sa pagtamo ng mga kasanayang nauugnay sa pagpapamalas ng mga kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang mga tekstong rehiyonal upang maitaguyod ang pagpapahalaga sa sariling kultura at iba pang kulturang panrehiyon.

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang ugnayan ng *siday* sa sumusunod na kompetensi. Ang *siday* na "*An Waray*" na nakatuon sa paglalarawan sa katangian ng mga Waray, partikular ang pagiging magiliw at pagkahilig sa sayawan ay mainam na gamiting lunsaran sa pagtamo ng kasanayan hinggil sa *pag-uugnay ng mahahalagang kaisipan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan*. Mainam itong lunsaran upang obhektibong mailarawan ang mga pananaw batay sa katotohanan at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Samantala, ang *siday* na "Iglalara ta Ikaw hin Banig" ay angkop naman sa pagtamo sa kasanayang *makabubuo ng brochure at/o mga pabalat gamit ang mga elementong biswal*. Sa ganitong paraan, mas maitatanghal pa ng mga mag-aaral ang kultural na yaman ng rehiyon sa pamamagitan ng mga biswal na paglalarawan. Sa usaping kultural naman, ay inilarawan ng akdang "*Banabana*" ang isa sa mga popular na kulturang materyal ng mga *Waray* – ang pagtutuba. Sa pagsusuri sa nilalaman nito ay matatamo ang inaasahang bunga sa *pagbuo ng mga pahayag bilang mga pagpapatunay sa mga inilatag na kaganapan sa akda*, at sa mga aktuwal na gawing panlipunan ng mga *Waray*. Dagdag pa, sa *siday* na "Dalan nga Langitnon" nakita ang kaangkupan sa pagggamit nito bilang lunsaran sa pagtamo ng kasanayan sa *pagpapaliwanag sa mahahalagang ideya at detalye ng akda na nais iparating sa mambabasa*. Sa pamamagitan ng *siday*, hindi lamang natutugunan ang malalim na pag-unawa at pag-uugnay nito sa aktuwal na kaganapan, kundi pati na rin ang pagpapalawak ng kamalayang panlipunan na nagpapalakas sa pagkilala sa personal na kultura at lipunan. Sa huli, nakita sa *siday* na "*Nakausa*" at "*Hi Uday*" ang paglalarawan sa payak na buhay ng mga *Waray* sa pamamagitan ng pagbanggit ng ilang praktikang nagbibigay hinuha sa kalagayang panlipunan ng mga *Waray*, kasama ang karaniwang kabuhayan ng mga ito kagaya ng pagsasaka at pangingisda. Ang ganitong

nilalaman ay nakitang angkop para sa pagtamo ng kasanayan sa pagpapaliwanag sa mga nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/imahen sa teksto. Sa pagtamo sa kasanayang ito, magkakaroon ng mas malalim na pagtalakay sa kontekstong kultural sa aspekto ng pamumuhay ng mga *Waray*.

Sa kabuuan, nakita ang potensiyal na katangian ng *siday* na itaguyod ang edukasyong nakabatay sa kultura upang tugunan ang mga suliraning kultural tulad ng 'intellectual scarcity' sa lokal na kaalaman na tinukoy ni Tenasas (2020). Ayon pa kay Lopez (2018), mahalaga ang ganitong tuon dahil pinalalawak nito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan na nagiging daan sa pagbuo ng kapaligirang kultural. Samakatuwid, ang kontekstuwalisasyon ng kurikulum ay nagdudulot ng mas natural na kapaligirang pampagkatuto na naglulundo sa mas kontekstuwal na pag-unawa sa kultura at lipunang Pilipino.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Nilayon ng pananaliksik na masuri at mailarawan ang kulturang nakapaloob sa mga *siday* upang mailantad ang kaligiran ng lipunang *Waray* nang magamit ang mga ito bilang mga lokalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang datos ng pagsusuri upang maitanghal ang kamalayan sa lokal na kaalaman sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kontekstuwalisadong pagtuturo.

Natuklasan sa pagsusuri na ang mga *siday* ay nagsisilbing repleksiyon at paglalarawan sa kultura at lipunang *W*aray na nagpapakita ng kanilang kaugalian, katauhan, pamumuhay at iba pang aspektong panlipunan. Sa pagtanaw sa teoretikal na implikasyon sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga natuklasan ay makatutulong sa pag-unawa sa mga aspektong kultural at lokal na kaalaman na madalas hindi nabibigyang-pansin sa kasalukuyan. Sa kabila ng patuloy na pagsulong ng globalisasyon, marapat lamang na kasabay ng pag-unlad ng sistema ay ang pag-usbong din ng sariling panitikan ng bansa tungo sa kolektibong pagpapahalaga sa lokal na kaalaman at pamana.

Samantala, nakita rin ang kaangkupan ng paggamit sa mga *siday* bilang kagamitan sa pagtuturo sa Baitang 7 bilang mga lokalisadong materyal sa pagtuturo ng Filipino. Dahil dito, naniniwala ang mananaliksik na malaki ang maiaambag ng mga *siday* sa pagpapayaman ng panitikan at paggamit sa mga ito sa pagtuturo ng Filipino. Makatutulong ito sa suliranin sa kamalayang kultural at makatutugon sa adhikain ng kurikulum na maitaguyod ang kontekstuwalisado at/o lokalisadong instruksiyon. Kaya naman, nararapat lamang na ang ano mang pagpaplanong edukasyonal ay magpakita ng pagpapahalaga at pagtugon sa kultural na pangangailangan ng edukasyon.

Sa kabuuan, ang mga natuklasan sa pagsusuri ay pagpapakita ng potensiyal na katangian ng iba't ibang akdang panitikang rehiyonal na maitanghal sa parehong arena ng akademya at panitikan. Ang paggamit ng mga lokalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino

ay maaaring maging isang paraan upang pigilan ang patuloy na pagbaba sa kamalayan at kaalaman sa lokal na kultura, literatura at kasaysayan ng kasalukuyang henerasyon.

Ganoon pa man, kinikilala ng pag-aaral ang limitadong saklaw ng pagsusuri na nakatuon sa isang tiyak na *genre* lamang ng panitikang *Waray*. Ang pagsusuri sa nilalaman ay nakatuon lang din sa gamit at paglalarawan na maaaring magpakita ng limitadong interpretasyon. Ang pagpapalawak at pagpapalalim sa saklaw ng pagsusuri ay mainam upang makita ang higit pang potensiyal na katangian ng mga ito bilang mga lokalisadong kagamitan sa kontekstuwalisadong pagtuturo ng Filipino.

Kaya naman, iminungkahi ng pananaliksik ang pagbibigay-pansin at paggamit sa mga umiiral na panitikan sa rehiyon upang mailundo ang malawak na arena ng *siday* at iba pang *genre* ng panitikan sa larang ng akademya at panitikan tungo sa mas kontekstuwal na pag-unawa sa mga araling Pilipino. Sa ganitong paraan, hindi lamang natutugunan ang pangangailangan ng kurikulum kung hindi higit sa lahat, ay naitataguyod ang makabuluhang pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa konteksto ng lipunang Pilipino.

■ ■ ■

## *Statement and Declaration*

Ang pananaliksik na ito ay hindi nakatanggap ng suportang pinansiyal mula sa ano mang institusyon na nagbibigay ng pondo. Ang mananaliksik ay nagpapahayag na walang ano mang magkasalungat na interes na dapat ideklara sa paglalathala nito. Kinikilala rin ang naging gampanin ng *Artificial Intelligence* sa pagwawasto at pagsasaayos sa ilang bahagi ng artikulo. Sa huli, pinasasalamatan ng may-akda si Dr. Catalina M. Canasa, propesor ng CNU sa kaniyang suporta at paggabay sa pagbuo ng papel na ito.

## Sanggunian

Adlit, M. F. (2022). Harmonizing materials and practices of Senior High School Teachers: A conceptual paradigm for contextualization across K12 Curriculum. *Puissant*, 3, 488-502. https://nbn-resolving.org/urn:nbn:de:0168-ssoar-78590-2

Agaton, S. I. (2022). The tuba culture in Leyte, Philippines. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, 10 (2), 2408-3755. http://dx.doi.org/10.32871/rmrj2210.02.01

Alegre, J. (2018). *The Waray culture of the Philippines*. https://upvisayas.academia.edu/JoycieAlegre

Balderian, A. L. & Largo, R. C. (2021). Pagdalumat ng mga nagwaging piling siday sa Samar at Leyte. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(2), 23-30. *https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/03/03-AP-JMSD-2021-35.pdf*

Bonnet, M. P. D., Melegrito, M. L., Songco, E. A., Caranto, M., Magat, H. G., & Hernandez, P. J. S. (2018). Cultural education in the Philippines: An i mpact a ssessment. *Asia-Pacific Journal of Student Affairs*, *3*, 1-30. https://www.researchgate.net/profile/Philippe-Jose-Hernandez/publication/341100427_Cultural_Education_in_the_Philippines_An_Impact_Assessment/links/5ead5cada6fdcc7050a1af60/Cultural-Education-in-the-Philippines-An-Impact-Assessment.pdf

Clarke, V., & Braun, V. (2017). Thematic analysis. *The Journal of Positive Psychology*, *12*(3), 297-298. https://doi.org/10.1080/17439760.2016.1262613

Cole, N. L. (2019). *Definition of cultural relativism in sociology*. *https://www.thoughtco.com/cultural-relativism-definition-3026122*

Department of Education. (2019). *Policy Guidelines on the K-12 Basic Education Program.* https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf

DepEd Memorandum No. 72, s. 2021. (2021). *Training-worskhop for untrained teachers on contextualization of learning resources in teaching Filipino*. https://www.scribd.com/document/583991438/Acr-Contextualization-Filipino

Dioneda Jr, I. P. (2019). Localization and contextualization in teaching Biology for Grade 7 students of Paliparan National High School for School Year 2018–2019. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, 1(3). https://ssrn.com/abstract=3461307

Gutierrez, M. (2019). Teaching Panitikang Asyano through contextualization and localization. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3 (2I). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/7130

Jaba, G. (2021). *The Waray culture of the Philippines*. https://www.academia.edu/8631312/The_Waray_Culture_of_the_Philippines

Levi-Strauss, C. (1973). Structuralism and ecology. *Social Science Information*, *12*(1), 7-23. https://doi.org/10.1177/053901847301200101

Llego, M. A. (2022, September 1). *How to contextualize curriculum for improved academic achievement*. https://www.teacherph.com/contextualize-curriculum/

Lopez, F. M. (2018). *Philippine culture-based education: Responding to the challenges of a nationalist education*. http://web.nlp.gov.ph/plcon2018/sites/default/files/philippine_culture-based_education.pdf

Lora, M. B. (2019). *An Waray*: Alunan, M., Badulid, A. & Mercurio, P. (Eds.). *Pinili 15 years of lamiraw (Napulo ug lima ka tuig hin lamiraw).* Katig Publications.

Maguate, G. S., Kilag, O. K. T., Sasan, J. M. V. & Divera, M. F. L. (2024). Cultural responsiveness and educational equity: Exploring the MATATAG curriculum in the light of sociocultural theory. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence* (IMJRISE), 1 (6), 566-572. https://doi.org/10.5281/zenodo.11518009

National Commission for Culture and the Arts. (2017). *Philippine Cultural Education Program* (PCEP). https://philippineculturaleducation.com.ph/about-pcep/

Nibalvos, I. M. (2018). Pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday ng San Julian, Silangang Samar (Filipino values in selected siday of San Julian, Eastern Samar). *Scientia-The International Journal on the Liberal Arts*, *7*(2), 116-137. https://doi.org/10.57106/scientia.v7i2.93

Nivalbos, I. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbuo ng literaturang pambansa. *Malay Journal*, 32 (1), 99-114. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf

Oyzon, V. Q. (2014). Mother-Tongue Based Multilingual Education (MTBMLE) initiatives in Region 8. *International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE)*, 3 (1), 2252-8822. http://dx.doi.org/10.11591/ijere.v3i1.5862

Oyzon, V. Q. (2018). *An maupay ha mga Waray ug iba pa nga mga siday*. National Commission for Culture and the Arts. Print

Philippine Cocunot Authority (2019). *Tuba whips up Waray energy*. Department of Agriculture. https://pca.gov.ph/2-uncategorised/174-tuba-whips-up-waray-energy

Recuerdo, E. (2019). *Samar town turns banig into artistic products*. http://35.229.131.69/index.php/2020/10/04/samar-town-turns-banig-into-artistic-products/

Ruspini, E., Bonifacio, G. T. & Corradi, C. (2019). Women and religion: Contemporary and future challenges of global era (e-book). *Journal of Mediterranean Knowledge*, 4 (1), 105-108. https://doi.org/10.26409/2019JMK4.1.07

Singh, J. P. (2022). Culture-based education. *International Journal of Multidisciplinary Education Research*, 4(5), 18-21. http://ijmer.in.doi./2022/11.04.152

Singh, N. K. & Espinoza-Herold, M. (2014). Culture-based education: Lessons from indigenous education in the U.S. and Southeast Asia. *NABE Journal of Research and Practices*, 5 (1), 7-39. https://doi.org/10.1080/26390043.2014.12067773

Sugbo, V. N. (2008). *Inintokan*. The University of the Philippines Press.

Tenasas, M. R. I. (2020). The oral aurality of the radio Waray siday. *Kritika kultura*, 35 (2020), 118–153. http://dx.doi.org/10.13185/KK2020.03507

Velarde, M. V. (2021). *Kuratsa binuaya dance (Folk dance)* http://www.lgusanmiguel-leyte.gov.ph/?pageid=1&newsid=27&category=Heritage&rightpanel=yes&ti-tlecap=Kuratsa%20Binuaya%20Dance%20(Folk%20dance)

Vygotsky, L. (1978). *Socioculturalism theory*. *https://www.gowriensw.com.au/thought-leadership/vygotsky-theory*

## Bionote

**Gilbert Galit** is a PhD student in Language Education in Filipino at Philippine Normal University, Manila, Philippines. An educator and young researcher, passionate for advancing knowledge in the fields of education and social sciences. His research interests center on language and cultural education, and educational advancement through innovative teaching strategies.